## IMBITASYON MULA SA PILIPINAS

Bilang tugon sa paanyaya mula sa Pamahalaan ng Pilipinas, maraang bumuo ang **European Union ng isang Election Observation Mission** (EOM) para sa nalalapit na pambansang halalan na gaganapin sa ika-12 ng Mayo, 2025. Layunin ng misyon na magmasid sa lahat ng aspeto ng proseso ng halalan at tasahin kung sa hanggang saan ito nakakasunod sa Saligang-Batas ng Pilipinas at obligasyon ng Pilipinas sa rehiyunal at pandaigdigang komunidad ukol sa pagsunod sa mapayapa at demoktratikong eleksyon.

## MAHIGIT SA 200 TAGAPAGMASID



Ang EU EOM Philippines 2025 ay pinangugunahan ni Chief Observer, **Marta Temido**, isang mambabatas ng European Parliament mula Portugal. Sa kabuuan, ang misyon ay binubuo ng 200 tagapagmasid mula sa mga bansang kasapi ng EU, pati ng mga bansang Canada, Norway, at Switzerland. Isang **core team na binubuo ng 11 analyst** ang pauna nang dumating sa Maynila noong katapusan ng Marso. Layunin ng core team na ito na tasahin ang lahat ng aspeto at yugto ng proseso ng halalan, kabilang na ang mga isyung panghalalan, legal, pulitikal, kampanya at pang-media. **Pitumpu't-dalawang long-term observers** ang ipapadala sa ika-16 ng Abril upang magmasid sa isinasagawang eleksyon sa lahat ng rehiyon sa bansa, at i-ulat ang kanilang mga obserbasyon sa core team sa Maynila. Ilang araw bago ang araw ng halalan ay susunod sa kanila ang tinatayang **100 pang mga short-term observers**. Sa mismong araw ng halalan, sasamahan ang misyon ng mga diplomat mula sa mga bansang kasapi ng EU pati sa mga bansang Canada, Norway at Switzerland na pawang nakadestino sa Pilipinas. Sasamahan ang EU EOM ang isang **delegasyon ng mga mambabatas na miyembro ng European Parliament** upang magmasid sa botohan, sa bilangan ng mga boto at sa pagtatala ng resulta ng halalan.

## INDEPENDYENTE, WALANG KINIKILINGAN AT WALANG PANGHIHIMASOK

Isasagawa ng EU EOM Philippines 2025 ang kanilang pagmamasid nang malaya at hiwalay sa iba pang mga sangay at tanggapan ng EU pati sa mga bansang kalahok nito. Mariing sumusunod ang mga EU EOM observer sa kanilang Code of Conduct at nananatiling patas at walang kinikilingan sa kanilang pagsisiyasat. Hindi mangingialam ang mga observer sa proseso ng halalan at hindi rin magbibigay ng kahit na anong payo, suhestiyon, o tulong. Hindi din sila ang magpapatotoo o magbibigay ng anumang opisyal na pagkilala sa kung ano man ang magiging resulta ng halalan. Ang matagal nang batayan ng pamamaraan o metodolohiya sa pagmamasid ang siyang susundin bilang pamantayan na ipinapatupad sa lahat ng EU Election Observation Missions na isinagawa sa iba't ibang panig ng daigdig. Kumikilos ang EU EOM nang naaayon sa Declaration of Principles for International Election Observation, na pinagtibay noong 2005 sa United Nations ng ilang mga pandaigdigang samahan na may kinakaman sa pagmamasid sa mga halalan. Ang mga EU observers ay kinakailangan ding sumunod sa mga panuntunang etikal (Ethical Guidelines) at igalang ang mga batas ng Pilipinas.

## ANG AMING MGA GAWAIN

Sa kabuuan ng isasagawang pagmamasid, makikipagkita ang EU EOM Philippines 2025 sa mga kinatawan ng COMELEC, mga pinuno ng pambansa at lokal na pamahalaan, mga partidong pulitikal at mga kandidato. Sila rin ay makikipagtulungan sa mga kinatawan ng pribadong sektor, mga tagamasid ng halalan sa loob ng bansa o election watchdogs, at ang media.

Bukod sa mga nabanggit na gawain, sisiyasatin din ng misyon ang mga sumusunod :

- mga batas at alituntunin na may kinalaman sa halalan;
- pamamalakad ng halalan;
- pagrehistro ng mga partido pulitikal at mga kandidato;
- pagrehistro ng mga botante;
- pangangampanya at mga pondo sa kampanya;
- partisipasyon ng kababaihan, kabataan, mga katutubo, mga samahang panrelihiyon, at ng mga sektor na nasa laylayan ng lipunan;
- paggalang sa mga batayang karapatan, pati na sa mga karapatang sibil at pulitikal;
- papel ng media at social media;
- ang katumpakan, seguridad, at kaliwanagan ng automated election system;
- pagboto at pagbilang ng mga ito;
- mga reklamo at apela;
- at paglathala ng mga nanalong kandidato at partido.

## ARAW NG HALALAN

Sa mismong araw ng halalan, magpapadala ang EU Election Observation Mission ng mga tagapagmasid sa buong bansa upang obserbahan ang pagbubukas ng mga presinto, pagboto, pagbilang at pagtatala ng resulta ng eleksyon. Sila ay bibisita sa daan-daang polling stations sa iba't-ibang rehiyon at sa mga urban at rural areas.

## ANG AMING MGA ULAT

Magpapalabas ng **paunang pahayag o preliminary statement** ang misyon matapos ang araw ng halalan. Dito ay babalangkasin ang mga paunang resulta ng pagsusuri at konklusyon patungkol sa halalang naganap, hanggang antas na nasunod ng isinagawang halalan ang mga batas ng Pilipinas at obligasyon ng Pilipinas sa rehiyunal at pandaigdigang komunidad ukol sa pagsunod sa mapayapa, malinis at demoktratikong halalan.

Isang **komprehensibong huling ulat**, na may kasamang mga mungkahi sa pagbubuti ng mga susunod na halalan, ay ipi-prisinta dalawang buwan matapos ang pagwawakas ng pagmamasid sa halalan sa Pilipinas.

***Media enquiries:***
*Michela SECHI, Press Officer*
*(+63) 995 367 4980*
*michela.sechi@eueomPhilippines2025.eu*